



## Patakaran sa mga Karapatang Pantao

Ang layunin ng ADM ay tuklasin ang lakas ng kalikasan para pagyamanin ang kalidad ng buhay. Bilang pandaigdigang pinuno sa nutrisyong pantao at panghayop at pangunahing kumpanya sa pagpapasimula at pagproseso sa agrikultura, nakikipagtulungan tayo sa mga stakeholder para mapaganda ang mga kundisyon sa pagtatrabaho, kapaligiran, at kaligtasan, sa ating mga operasyon at supply chain.

Naninindigan tayong protektahan at respetuhin ang mga karapatang pantao ng ating mga empleyado, ng mga nasa ating value chain, at sa mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo. Nagsisikap tayong isulong ang mga karapatang pantao alinsunod sa mga Gumagabay na Prinsipyo ng UN sa Negosyo at sa tatlong haligi ng mga Karapatang Pantao:

- Manindigan at Makisangkot: Protektahan ang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng mga naaangkop na patakaran at mga programa ng pagpapatupad
- Magsagawa ng Due Diligence para sa mga Karapatang Pantao: “Alamin at ipakita” ang mga epekto ng mga karapatang pantao, at gumawa ng mga hakbang para makontrol at maalís ang mga negatibong epekto o mga panganib sa mga karapatang pantao
- Remedyo: Siguraduhing makakakuha ng remedyo sa mga paraang galing at hindi galing sa hukuman ng batas.

### Manindigan at Makisangkot

#### Sakop

Nalalapat ang patakarang ito sa lahat ng empleyado, opisyal, direktor, kontraktwal na manggagawa, at ahente ng ADM, sa ating mga dibisyon, at sa ating mga affiliate sa lahat ng bansa. Bukod pa rito, inaasahan ng ADM na itinataguyod ang ating mga direkta at hindi direktang supplier, kasosyo, ahente, at consultant ang mga prinsipyong ito.

Nakatuon ang ADM sa proteksyon ng mga Tagapagtanggol ng mga Karapatang Pantao, whistle-blower, nagrereklamo, at tagapagsalita ng komunidad, kasama na ang mga inilarawan sa [Patakaran sa mga Tagapagtanggol ng mga Karapatang Pantao ng RSPO](#).

#### Pamamahala

Ang patakarang ito ay sinuri ng Komite sa Sustainability at Corporate Responsibility ng Lupon ng mga Direktor at inaprubahan ito ni Juan Luciano, ang Tagapangulo at Chief Executive Officer. May bisa ito simula Mayo 5, 2021 hanggang sa mapalitan ito ng bagong bersyon.

Ang pagpapatupad ng patakarang ito ay responsibilidad ng Sustainability team ng ADM na pinapamunuan ng Chief Sustainability Officer (CSO) nito. Nagbibigay ang CSO ng mga update sa sustainability sa Lupon ng mga Direktor sa bawat pulong kada quarter. Ang Komite sa Sustainability at Corporate Responsibility ay may direktang responsibilidad na pangasiwaan ang mga layunin, mithiin, diskarte, panganib, at aktibidad ng kumpanya na may kinalaman sa sustainability, kasama na ang programa nito para sa mga karapatang pantao at pag-usad sa mga pagsusuri at mga update bawat quarter. Ang CSO ay suportado ng mga panrehiyong sustainability team sa North America, South America, at EMEA.

Bukod pa sa sustainability team, responsable ang compliance team sa ADMW Helpline na nagsisilbi bilang mga internal at external na mekanismo sa reklamo para sa ating mga empleyado at interesadong stakeholder. Sinusubaybayan at tinitiyak din ng compliance team ang kumpletong taunang pagsasanay sa pagsunod ng lahat ng empleyado at pinapanatili nito ang mga Alituntunin sa mga Inaasahan sa Supplier ng ADM. Nagsasagawa ang Enterprise Risk Management (ERM) Team ng ADM ng mga pagsusuri sa lahat ng panganib sa sustainability, kasama na ang mga panganib sa mga karapatang pantao, bawat quarter.

#### Pagsasanay at Kaalaman

Mga Empleyado – Ipagbibigay-alam ang patakarang ito sa mga empleyado sa pamamagitan ng mga internal na channel gaya ng pagsasanay sa pagsunod (ang pagkumpleto rito ay nauugnay sa sahod at sinusubaybayan sa buong mundo), mga paskil sa lugar ng trabaho, at intranet ng ADM. 100% ng mga empleyado ang makakatanggap ng pagsasanay sa mga karapatang pantao sa 2021 bilang bahagi ng taunang pagsasanay sa pagsunod.

Mga Supplier – Ipagbibigay-alam ang patakarang ito sa mga supplier sa pamamagitan ng direktang komunikasyon, pagpapaskil sa mga lugar na makikita ng mga supplier, at pagsasama sa mga kontrata ng supplier at/o pagsasama sa mga Inaasahan sa Supplier ng ADM.

### **Mga Hindi Pagsunod**

Lahat ng kasamahan sa ADM ay inaasahang sumunod sa mga pangakong ito. Iimbestigahan ang lahat ng paratang ng paglabag. Ang mga paglabag ay posibleng humantong sa pagdidisiplina, hanggang sa at kasama ang pagsisisante. Kapag naaangkop, maaari ding ipasa ng ADM sa mga awtoridad ng pamahalaan ang mga kaso.

Kapag may natuklasang sinumang supplier, contractor, o kasosyo na hindi sumusunod sa mga pangakong ito o hindi magsasabi ng totoo tungkol sa mga kundisyon ng paggawa ng mga pananim, produkto, at serbisyo, kikilos nang angkop ang ADM. Inaasahan namin ang pakikisangkot sa mga imbestigasyon sa mga paglabag at paghahayag ng mga pagkilos para maremedyuhan ang sitwasyon. Kung ang partido ay hindi magpapakita ng pagsisikap nang may mabuting hangarin na tugunan agad ang mga isyu, posibleng kasama sa mga pagkilos ang hindi pagkakasama sa mga bagong direktang kontrata at/o pagwawakas ng kaugnayan.

### **Due Diligence para sa mga Karapatang Pantao**

Alam natin ang tungkuling ginagampanan ng pakikipag-ugnayan sa pag-iwas, pagtugon, at pagremedyo sa mga alalahanin sa mga karapatang pantao. Kapag naaangkop, nagsisikap tayong makipag-ugnayan sa mga empleyado, komunidad, lipunang sibil, at iba pang stakeholder para matugunan ang mga panganib sa ating value chain.

Nagsisikap tayo sa lahat ng ating mga operasyon na magpatupad at magpairal ng mga programang naglalayong respetuhin ang mga sumusunod na mahalagang karapatang pantao, at inaasahan natin ang iba pang nasa value chain natin na itaguyod ang mga pamantayang ito, hinihikayat natin silang magpatupad ng mga katulad na patakaran, at magsisikap tayong bumuo at magpatibay ng mga kaugnayan sa mga contractor at supplier na gumagawa noon.

**Freedom of Association at Collective Bargaining** – Nirerespeto natin ang karapatan ng mga empleyado na sumali, bumuo, o huwag sumali sa unyon ng mga manggagawa nang walang takot na mapaghigantihan, mapagbantaan, o magipit. Kapag kinakatawan ng isang unyong kinikilala ng batas ang mga empleyado, sinusupportahan natin ang pagtatakda ng makakabuting pakikipag-usap sa mga kinatawang malaya nilang pinili. Nakatuon tayong makipagkasundo nang may mabuting hangarin sa mga nasabing kinatawan ng ating mga empleyado, at inaasahan nating gagawin din iyon ng ating mga supplier.

**Puwersahan o Sapilitang Paggawa** – Ipinagbabawal natin ang paggamit ng lahat ng anyo ng puwersahang paggawa, kasama na ang bonded labor (pagtatrabaho bilang bayad-utang), indentured labor (pagtatrabaho bilang bayad-utang o parusa sa loob ng partikular na panahon), at pagpapatrabaho ng bata sa ating mga operasyon at sa ating mga supply chain. Ang mga empleyado ay hindi dapat singilin ng bayarin kapalit ng trabaho o magkaroon ng collateral sa anyo ng pera, identification, o iba pang personal na ari-arian na panghahawakan – nang walang pahintulot ng mga manggagawa – bilang kundisyon sa pagbibigay ng trabaho. Hindi kukunsintihin ang paggamit ng pisikal na parusa, mga banta ng karahasan, o iba pang anyo ng pang-aabuso.

**Pagpapatrabaho ng Bata** – Ipinagbabawal natin ang pagpapatrabaho ng bata, na inilalarawan bilang trabahong mapanganib sa kalusugan, kaligtasan, o moralidad ng mga bata, trabahong nakakaabala sa kinakailangang pag-aaral, o trabahong napakabata pa nila para gawin. Ang lahat ng manggagawa sa ating mga operasyon at sa ating supply chain ay dapat makatugon sa pinakabatang edad para makapagtrabaho gaya ng inilalarawan ng ILO Convention 138 pati na rin ng mga naaangkop na batas at regulasyon.

**Panliligalig at Diskriminasyon** – Ipinagbabawal natin ang diskriminasyon sa ating mga operasyon at supply chain na batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kinikilalang kasarian, bansang pinagmulan, status sa imigrasyon, kapansanan, edad, sekswal na oryentasyon, marital status, o anupamang status na protektado ng lokal na batas. Ipinagbabawal natin ang panliligalig at pang-aabuso. Saklaw ng mga pagbabawal na ito ang mga migranteng manggagawa. Inaasahan natin na magpapatupad din ng mga ganitong kasanayan ang ating mga supplier at kasosyo.

**Pagkakaiba-iba at Pagkakasama** – Nagsisikap tayo para matiyak na bukas sa lahat ang ating lugar ng trabaho at tanggap ang lahat dito. Ang pagkakaiba-iba ng ating mga indibidwal na pinagmulan, karanasan, at paraan ng pag-iisip ay isang mahalagang salik ng tagumpay ng ADM. Samakatuwid, dapat nating pahalagahan ang pagkakaiba-iba ng bawat miyembro ng ating team at hikayatin ang ating mga supplier na gawin din ito.

**Mga Ligtas at Malusog na Kundisyon sa Pagtatrabaho** – Magbibigay tayo ng ligtas at malusog na kapaligiran sa pagtatrabaho at susunod tayo sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa kalusugan at kaligtasan. Magpapanatili tayo ng mga sistema at pamamaraang ginawa para mapanatiling ligtas ang mga manggagawa at maprotektahan sila laban sa mga panganib sa trabaho, panliligalig, at pang-aabuso. Inaasahan natin na gagawin din iyon ng ating mga supplier.

**Mga Oras ng Trabaho, Sahod, at Benepisyo** – Lahat ng empleyado sa ating mga operasyon at supply chain ay babayaran alinsunod sa lahat ng naaangkop na lokal na batas at regulasyon, kasama na ang mga may kinalaman sa pinakamababang pasahod at bayad sa overtime. Naaayon dapat ang mga oras ng pagtatrabaho sa mga legal na kinakailangan at anumang collective bargaining agreement na naaangkop sa lokasyon.

**Mga Karapatan sa Lupa** – Nirespeto natin ang karapatan sa pagmamay-ari at paggamit ng lupa at ang mga karapatan ng mga katutubo at lokal na komunidad na ibigay o huwag ibigay ang kanilang malaya, pauna, at may pinagbatayang pahintulot (free, prior and informed consent o FPIC) sa mga operasyon sa mga lupa kung saan sila may mga legal o nakaugaliang karapatan. Inaasahan natin na itataguyod ng lahat ng supplier ang mga prinsipyo ng FPIC sa kanilang mga operasyon at pakikipagtransaksyon sa negosyo.

**Tubig** – Nirespeto natin ang karapatang magkaroon ng ligtas at malinis na tubig na maiinom at sanitasyon sa ating mga operasyon at supply chain.

## **Umaksyon**

Nagsasagawa ang ADM ng mga social compliance audit (pag-audit sa pagsunod sa lipunan) sa lahat ng ating operasyon para mapatunayan ang pagsunod sa ating mga patakaran. Nakabatay ang dalas ng pag-audit sa laki ng pasilidad, dami ng mga empleyado, lokasyon, at dami/lala ng mga natuklasan mula sa mga nakaraang pag-audit. Ang mga natuklasan at obserbasyon ay sinusuri kasama ng pasilidad at ng sustainability team para matiyak na matutugunan ang lahat ng problema.

Bibigyan ng priyoridad ang pagpapatupad ng patakarang ito sa ating mga supply chain batay sa pagsusuri sa panganib. Para mapaglaanan ang mga pagkakumplikado at pagkakaiba-iba ayon sa rehiyon ng supply chain, maaaring baguhin ang mga aktibidad sa pagpapatupad at pagpapatunay para matugunan ang iba't ibang produkto at/o mga partikular na katangian ng rehiyon kung saan tayo nagsasagawa ng direkta at hindi direktang sourcing. Ang pagpapatupad sa bawat supply chain ay isasaayos sa mga sumusunod na larangan:

- Pagsusuri sa mga Epekto: Susuriin ang mga available na sistema at pamamaraan sa sourcing sa bawat rehiyon para maunawaan ang mga potensyal na panganib sa buong supply chain. Papanatilihin natin ang kakayahang masubaybayan ang mga produkto at lokasyong may mataas na panganib na magbibigay-daan sa pagtukoy sa pananim na na-source sa pinakamababang posibleng unit.
- Pagsasama ng mga Natuklasan: Mahalaga ang epektibong komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa mga supplier para matiyak na nauunawaan nila nang mabuti ang ating mga pangako, at matulungan tayong makagawa ng mas sustainable na mga supply chain, nang sama-sama. Hihilingin natin sa ating mga supplier na patakbuhin ang kanilang mga negosyo sa etikal na paraan—kasama na ang pagkuha ng lupa at paggamit ng lupa—nang pasok sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon, at itaguyod ang ating mga pangako.
- Pagsubaybay sa Performance: Magtatakda at mag-a-update ng mga pamamaraan sa pagsubaybay na batay sa rehiyon at supply chain para mapatunayan ang pagsunod ng supplier sa patakarang ito. Kinikilala natin na ang transparent at pana-panahong komunikasyon ay isang epektibong paraan ng pagpapakita sa publiko ng pag-usad sa ating pakikipagsapalaran. Para masuportahan ang transparency sa supply chain, regular na magpa-publish ang ADM ng mga ulat na nagbabalangkas ng pagpapatupad at mga resulta ng patakarang ito sa [www.adm.com/ProgressTracker](http://www.adm.com/ProgressTracker).

## **Remedyo**

- Ang mga stakeholder, kasama na ang mga empleyado ng ADM, manggagawa sa supply chain, at miyembro ng komunidad, na may mga problema o alalahanin kaugnay ng pagpapatupad ng ating mga patakaran ay hinihikayat na makipag-ugnayan sa ADM Way Helpline sa [www.TheADMWayHelpline.com](http://www.TheADMWayHelpline.com). Kapag pinapahintulutan ng lokal na batas, maaaring iulat ang mga alalahanin nang hindi nagpapakilala. Nakalista sa website ang mga numero ng telepono para sa mga partikular na lokasyon.

- Papamahalaan ang lahat ng reklamo sa responsableng paraan gamit ang transparent na pamamaraan sa reklamo. Lahat ng paratang na ilalapit ay susuriin at tutugunan alinsunod sa ating [mekanismo sa mga Reklamo at Resolusyon](#).
- Isang [updated na log](#) ng mga problema at resolusyon ang papanatilihin at gagawing available sa publiko sa pamamagitan ng ating website.

## Mga Kaugnay na Patakaran ng ADM at Pagsunod sa mga Internasyonal na Pamantayan

Internal – Ang mga karagdagang patakaranang ito ay sumusuporta at dumudugtong sa patakaranang ito:

- [Kodigo ng Pag-uugali ng ADM](#)
- [Patakaran ng ADM Laban sa Deforestation \(IA-UPDATE\)](#)
- [Mga Alituntunin sa Inaasahan sa Supplier ng ADM](#)

External – Ang patakaranang ito ay naaayon sa mga prinsipyo ng kumpanya at sa mga external na publikasyong ito:

- [Fundamental Principles and Rights at Work \(Mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Trabaho\) ng International Labour Organization \(ILO\)](#)
- [Paghahayag ng ILO tungkol sa Multinational Enterprises \(MNE\)](#)
- [Universal Declaration of Human Rights \(Unibersal na Paghahayag ng mga Karapatang Pantao\) ng United Nations \(UN\)](#)
- [UN Guiding Principles on Business and Human Rights \(Mga Gumagabay na Prinsipyo ng UN sa Negosyo at mga Karapatang Pantao\)](#)
- [Resolusyon A/RES/64/292 ng UN General Assembly – Ang karapatan ng tao sa tubig at sanitasyon](#)

## Kasaysayan ng Rebisyon ng 3.0

Bersyon	Petsa ng Pag-publish	Paglalarawan ng (mga) Pagbabago
1.0	2014	N/A - Unang pag-publish
2.0	09/15/17	Na-update ang format, idinagdag ang mga seksyon ng mga kahulugan at mga sanggunian, na-update ang pamantayang wika, idinagdag ang karapatan sa tubig at sanitasyon.
3.0	05/05/21	Na-update ang format, pagkakasulat, mga hyperlink, mga sanggunian. Pagsasama ng mga nakaugaliang karapatan sa paggamit ng lupa, pag-ayon sa framework ng UNGP.